NEGOSYO

# ISANG KUMPANYANG NAG-MULA SA ESTADOS UNIDOS AY MAY PANANAGUTAN SA PANG-AABUSO SA MGA MANGGAGAWANG KABILANG SA NAG TAYO NG QATAR WORLD CUP, AYON SA ISANG KASONG INIHAIN SA KORTE

Isang grupo ng mga manggagawang Pilipino ang naghain ng demanda laban sa Jacobs Solutions, na syang namahala sa konstruksyon ng mga estadyum ng World Cup 2022 sa Qatar.

*Isinulat ni Mariah Timms*

*Oktubre 12, 2023, ika-11:38 ng umaga ET.*



Mga manggagawang nasa harap ng Lusail Stadium sa Qatar, na malapit sa Doha, habang ang estadyum ay kasalukuyang ginagawa.
LARAWAN: GIUSEPPE CACACE/AGENCE FRANCE-PRESSE/GETTY IMAGES

Mahigit sa tatlong dosenang manggagawang Pilipino na kabilang sa pagtayo ng mga estadyum sa Qatar, na nagkakahalaga ng ilang bilyong dolyar at kung saan naganap ang nakaraang World Cup, ay nagdemanda laban sa kompanyang naka-base sa Estados Unidos na syang namahala sa konstruksyon ng proyekto. Anila'y lumabag sa batas ang nasabing kumpanya laban sa iligal na pag pupuslit ng mga manggagawa at malayang nakilahok sa isang mapang-abusong kalakaran.

Ang reklamo na inihain noong Huwebes sa isang korte sa distrito ng Denver sa Estados Unidos, ay nagsasalaysay na ang kumpanyang pang konstruksiyon na nag ngangalang Jacobs Solutions at ang kaugnay na mga sangay nito ay di umano'y kumita sa iligal na pamamaraan mula sa nasabing proyekto na isang dekada ang itinagal bago maitaguyod. Ang kumpanya di umano ay sangkot sa iligal na pamumuslit ng mga manggagawa at pwersahang pag papatrabaho sa mga ito upang mapatayo lamang ang mga pasilidad ng nasabing proyekto.

Ang demanda ay naglalahad ng mga alegasyon ng pang-aabuso laban sa Jacobs Solutions at ang kaugnay na mga sangay nito, kabilang na ang pag kumpiska ng mga pasaporte ng mga manggagawa, pwersahang pag tratrabaho sa mga ito ng 36 o 72 oras na walang hinto, pag bigay ng maliit na tirahan, limitadong suplay ng tubig sa kabila ng matinding init ng panahon, hindi sapat na pagkain, at limitadong benepisyong medikal.

"*Ang aming mga kliyente ay di umano'y pinagsamantalahan at inabuso, kung saan sila ay nahikayat na pumunta sa Qatar dahil sa mga kasinungalingan at napilitang magtrabaho kahit na hindi sila pinagkalooban ng makataong tirahan at trabaho*," ani Eli Kay-Oliphant, isang abogado sa Sparacino na kabilang sa mga kumpanya ng mga abogado na nagrerepresenta sa mga manggagawa.

Hindi naman ka-agad nagbigay ng komento ang Jacobs tungkol sa isyu. Ang nasabing pamamahala sa pagtayo ng mga proyekto ng Qatari ay unang iginawad sa CH2M Hill, subalit noong 2017, ang kumpanyang CH2M Hill naipagbili sa Jacobs. Ang Jacobs ay nangakong pananatilihin ang kanilang mga kasosyo sa negosyo sa kanilang sariling pamantayan para sa kaligtasan, etika, at karapatan ng tao.

Sa ngayon, mahirap makipag ugnayan sa mga kinatawan ng Qatar para sa agarang komento tungkol sa isyu.

Ang mga nagsampa ng kaso ay humihiling ng bayad-pinsala sa ilalim ng Trafficking Victims Protection Reauthorization Act, na nakatuon sa sapilitang paggawa, pagka-alipin, at iba pang mga klase ng pang-aabuso ng tao.

Ang batas ay nagbibigay daan sa isang biktima na magsampa ng kaso laban sa mga gumagawa ng pang-aabuso, kahit na ang kanilang pagkakaugnay ay limitado lamang sa pakikilahok sa isang negosyo na sangkot sa pang-aabuso sa tao.

Matagal nang binabatikos ang Qatar dahil sa pag suporta nito sa mapang-abusong sistema ng "kafala" upang manghikayat ng mga manggagawang dayuhan kaugnay sa patuloy na pag-usbong ng industriya ng konstruksiyon ng bansa. Madalas na ang mga manggagawang ito ay mababa ang sahod, labis na trabaho at nakatira sa maralitang mga kalagayan, at ang mga amo ay karaniwang kinukuha ang mga pasaporte ng mga manggagawa sa buong termino ng kanilang mga kontrata, ayon sa isang ulat ng Kagawaran ng Estado ng Amerika.

Ayon sa demanda, ang mga nagsampa ng kaso ay kumuha ng mga kontrata sa iba pang mga kontratista sa mga lugar ng konstruksyon ng World Cup sa Qatar na karamihan ay nagtagal ng dalawa hanggang tatlong taon mula 2012 hanggang 2021. Sa panahong iyon, ang CH2M, na ngayon ay Jacobs, at kaugnay na mga sangay nito ay ang responsable sa pamamahala ng mga operasyon ng proyekyo at sa pag tanggap ng mga "tagapamahala ng kalusugan at kaligtasan" at iba pang posisyon ng tagapayo, kung saan sila ay may tungkuling bisitahin ang mga proyekto upang bantayan ang mga pamantayan sa kaligtasan alinsunod sa mga kontrata.

Tantiya ng mga grupo ng karapatang pantao na ang mga namatay na kaugnay sa pagtayo World Cup sa Qatar ay maaaring umabot na sa libu-libo, bagay na itinatanggi ng Qatar. Noong 2014, ginamit ng International Trade Union Confederation ang impormasyon mula sa mga embahada ng ibang bansa at kagawaran ng medisina ng bansa upang alamin ang bilang ng mga manggagawang migrantehng dayuhang namatay sa aksidente sa trabaho. Tingin ng ahensya na ang bilang ay umabot na sa 1,200 manggagawang

migranteng dayuhan ang namatay sa loob ng tatlong taon habang itinatayo ang mga proyektong karamihan ay may kaugnayan ng World Cup, at karamihan sa kanila ay nag mula sa Timog Asya.

Base sa mga pahayag noong nakaraang taon ng mga pinuno ng Qatar, kanilang ipinagmamalaki ang mga pagsisikap sa modernisasyon at reporma sa batas kung saan kabilang dito ang pagtaas ng pinakamababang sahod at alokasyon para sa pagkain o tirahan. Bagaman ayon sa sinasabi ng mga international watchdog groups, ang mga nasabing reporma sa batas ay may limitadong pagpapatupad lamang.